DEPARTMENT OF EDUCATION
SDO-Iriga City RECORDS SECTION
RECEIVED
03 NOV 2026
CTRL NO.: 2026-11-00 m y

Tanggapan ng Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan

MEMORANDUM

TO: Kawaksing Tagapamanihala
Mga Punong Tagamasid, CID at SGOD
Mga Punong Superbisor ng Program Edukasyon
Mga Puno ng Iba't-Ibang Tanggapan
Lahat ng Kinauukulan

MBL

FROM: **MARIA-MAGNOLIA F. BRIOSO**
Nanunuparang Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan

SUBJECT: **ISKEDYUL NG KATUNGKULAN NG OPISYAL NA NAKATALAGA SA BAWAT ARAW NG BUWAN NG NOBYEMBRE HANGGANG DISYEMBRE 2026**

DATE: Ika-28 ng Octobre, 2026

---

1. Alinsunod sa mga panuntunang itinakda ng Tanggapang Pansangay sa bisa ng *Internal Rules and Policies for Effective and Efficient Office Operations* na ipinalabas noong Abril 18, 2023, ipatutupad ang Iskedyul ng Katungkulan ng Opisyal sa Nakatalaga sa Bawat Araw ng **Nobyembre at Disyembre 2026**.

2. Para sa nasabing panahon, si **Arturo O. Oracion** ang nakatalagang kawani na gaganap sa mga sumusunod na tungkulin:

   a. Gampanin bilang Public Assistance Desk Officer
   - Maglingkod bilang Public Assistance Desk Officer mula **8:00 n.u. hanggang 11:00 n.n.** at mula **1:30 n.h. hanggang 5:30 n.h.**
   - Sa pagitan ng **11:00 n.u. hanggang 1:30 n.h.**, ang nakatalagang **Security Guard** ang magsisilbing pansamantalang kahalili.

   b. Pagmomonitor at Pagsusumite ng Talaan ng Pagdalo
   - Tiyaking maayos na matala ang oras ng pagpasok at paglabas ng lahat ng kawani sa nasabing araw.
   - Ipasa ang opisyal na talaan ng pagdalo sa kaukulang tanggapan sa pagtatapos ng bawat araw.

3. Kung nakatalagang kawani ay hindi makapagsisilbi dahil sa opisyal na lakad o pagliban, ang mga sumusunod na kawani ang maaaring humalili sa kanyang tungkulin:

   a. Bien, Venerando Jr., C.
   b. Casulla, Gerry T.

c. Clemeno, Ariel L.
d. Dacoco, Elmer I.
e. Oracion, Glennstin O.
f. Regondola, Lolito V.

4. Ang sinumang nakatalagang kawani na hindi makapagsisilbi ay kinakailangang makipag-ugnayan kaagad sa kinauukulan upang matiyak ang maayos at tuloy-tuloy na pagsasagawa ng mga nabanggit na tungkulin.

5. Inaasahan ang malawakang pagpapalaganap at mahigpit na pagsunod sa memorandum na ito.